Buwan ng
Abril

IMPORMASYON PARA SA MGA PILIPINO 202604 No.373

# Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay na lumalabas kada unang linggo ng buwan.
Tumawag sa opisina kung may katanungan, at iba pa tungkol dito.

FOR INQUIRIES: Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)
☎048-963-9114, City Hall Main Building – 3F
Community Activity Support Section

Website♪ Instagram♪




***Mga Nilalaman...***


◆***Page1:*** *Bagong batas ng bisekleta at pagkakaroon ng multa sa paglabag nito*

◆***Page2:*** *Pinansyal na tulong para sa mga may estudyante, at mga may special educational needs*

◆***Page3:*** *Mga pwedeng ma-enjoy ngayong Golden Week sa Koshigaya*

◆***Page4:*** *Japanese Classes for April*


## CONSULTATION SERVICES FOR FOREIGN RESIDENTS (FREE)

✓Koshigaya City Hall Main Building 3rd floor
9:00-am – 4:30pm, Monday to Friday

✓Community Activity Support Center
10:00am – 4:30pm, Everyday

・Visa-Related Consultation (every 3rd Wednesday)

・Legal Consultation (every 4th Wednesday)

For road safety

## BLUE TICKET AT PAGKAKAROON NG MULTA SA PAGLABAG NG BATAS NG PAGGAMIT NG BISEKLETA

Simula sa buwan ng Abril, ipapatupad ang pag-isyu ng 'blue ticket'at pagkakaron ng multa kung may bayolasyon o lalabag sa batas kaugnay sa paggamit o pagpapatakbo ng bisekleta. Sundin natin ang tamang paaran sa paggamit ng bisekleta upang manatiling ligtas habang nasa daan. Ngunit ang pagbibisekleta habang nakainom ng alak ay patuloy pa rin na pasok sa mga mabibigyan ng 'red ticket' at huhulihin ng pulis, ang parusa at iba pa ay pagdesisyunan ng korte.

**EDAD SA MGA PWEDENG MABIGYAN NG BLUE TICKET:** 16-taon gulang at pataas

**Para sa ligtas na paggamit gn bisekleta, sundin at tandaan ang mga sumusunod:**

1) Ang mga bisekleta ay dapat pinapa takbo sa kaliwang bahagi ng kalsada. Kung magpapatakbo sa dadaanan ng mga naglalakad, tandaan na prayoridad sa lugar na ito ang mga naglalakad at dahandahan na magpatakbo.
2) Temporaryong huminto sa mga crossing at intersections (na may temporary stop sign) at siguraduhin na ligtas ang pagtawid
3) Gamitin ang ilaw ng bisekleta kapag nagsimula ng dumilim
4) Hindi pwedeng sumakay ng bisekleta kung nakainom ng alak
5) Magsuot ng helmet tuwing magpatakbo ng bisekleta

Ang detalye sa pagpapatupad ng blue ticket at iba pa, ay pwedeng mabasa sa website ng Saitama Prefectural Police ☞

**Halimbawa ng magkaroon ng multa habang nakasakay sa bisekleta:**
-Naka cellphone: 12,000
-Naka earphone: 3,000
-May angkas: 3,000
-Hindi sumunod sa ilaw ng trapiko: 6,000
At marami pang iba



# Pinansyal na tulong para sa mga may estudyante

## APLIKASYON PARA SA SCHOOL EXPENSES ASSISTANCE

Ang school expenses assistance ay suporta para sa mga pamilyang nangangailangan ng tulong kaugnay sa edukasyon at pag-aaral ng kanilang mga anak na pumapasok sa elementarya o di kaya junior high school. Ang sestemang ito ay para sa mga pasok sa requirements na itinatakda ng siyudad. Kasama sa pwedeng matanggap ay gastos para sa school supplies, school lunch, school trip atbp.

Para sa detalye at iba pa, makipag-ugnayan sa paaralan kung saan nag-aaral ang bata o di kaya sa city hall. Kung nakatanggap ng assistance na ito noong nakaraang school year, tandaan na ang aplikasyon para dito ay kailangan gawin taon-taon.

**ISKEDYUL NG APLIKASYON PARA SA SCHOOL YEAR 2026**

**KAILAN:** Abril 10, 2026 – Enero 29, 2027 (Lunes – Biyernes, 8:30am – 5:15pm)

*Tumatanggap ng aplikasyon tuwing Linggo **(Abril 19 at Mayo 17)** sa city hall.
Oras: 9:00am – 3:00pm

**SAAN:** Koshigaya City Hall Entrance Building – 2F, Room 2-1

*Ngunit, kung mag-apply simula Hunyo 1, i-proseso ang aplikasyon sa School Affairs Section (city hall) o di kaya sa paaralan kung saan nag-aaral ang bata

**KAILANGAN IHANDA PARA SA APLIKASYON:** Maliban sa porma ng aplikasyon atbp. magdala ng *name seal* (o *inkan*) at bank book tuwing mag-apply.

**IMPORMASYON:** School Affairs Section (GAKUMU KA), ☎048-963-9281
City Hall Building 2 – 3rd floor

## APLIKASYON PARA SA SCHOOL EXPENSES SUBSIDY NG MGA BATANG MAY SPECIAL EDUCATIONAL NEEDS

**ANO:** *Grants* para sa mga batang pumapasok sa publikong paaralan sa elementarya o junior high school na may special educational needs

**DEADLINE NG APLIKASYON:** Mayo 29, 2026 (*Mag-apply tuwing Lunes – Biyernes, 8:30am – 5:15pm)

**SAAN:** Sa paaralan kung saan nag-aaral ang bata

**MGA DADALHIN:** *Name seal* (o *inkan*) at bank book ng parents/guardian

**TANDAAN:**

*Sabay na isumite ang aplikasyon para sa school expenses assistance tuwing mag-apply

*Kung ang aplikasyon para sa school expenses assistance ay maaprubahan, mangyaring hindi makatanggap ng grants na ito.

*Ang pag-apply ng mga ito ay kailangan gawin taon-taon upang kung maaprubahan, taon-taon din na makatanggap ng tulong o assistance.

**IMPORMASYON:** School Affairs Section (GAKUMU KA), ☎048-963-9281
City Hall Building 2 – 3rd floor

# Mga pwedeng ma-enjoy sa Koshigaya ngayong Golden Week

## ✓Wisteria Festival sa Hisaizu Shrine

Ang mga bulaklak na wisteria ay napaka ganda lalo na sa katapusan ng Abril. Ang wisteria naman sa Hisaizu shrine ay lampas na ng 200 na taon at naging isa ito sa mga lugar na marami ang nagpunta taon-taon para manood ng wisteria.

**Kailan:** Abril 29 – Mayo 6

**Impormasyon:** Hisaizu Shrine, ☎048-962-7136

## ✓Koinobori (carp) Festival sa Fudobashi

**Kailan:** Abril 29 (public holiday), 9:40am - 2:00pm
*Ililipat sa Mayo 3 kung may malakas na ulan.

**Saan:** Fudobashi – Sagamicho Sports Hiroba (Adres: Sagamicho 6-chome)

**Ano:** Music performance ng mga bata, mga palaro at iba pa para sa mga bata, mga paninda at iba pa.
*Mapapanood ang dekorasyon na koinobori hanggang Mayo 9.

**Impormasyon:** Osagami Community Promotion Council, ☎048-988-7370

## ✓Libreng entrance campaign sa Hanataen Japanese Garden

Pwedeng ma-enjoy ang kagandahan ng Japanese garden ngayong spring.

**Kailan:** Mayo 4 (public holiday) 9:00am - 7:00pm (Ang pasukan ay hanggang 6:00pm)

**Impormasyon:** Hanataen, ☎048-962-6999

## ✓Events sa Koshigaya General Park kaugnay sa pagdiriwang ng Greenery Day

**Kailan:** Mayo 4 (public holiday), 10:00am - 3:00pm

**Saan:** Koshigaya General Park

**Ano:** Consultation Desk kaugnay sa pagtatanim, festival ng mga bata, palaruang inflatable, basketball free throw challenge, Koshigaya General park quiz, atbp.
*Ang Koshigaya Alphas na pro-basketball team sa Koshigaya ay sasali sa ebento.
*Mangyaring mag-iba ang detalye ng mga pwedeng gawin sa araw na ito.

**Impormasyon:** Koshigaya General Park, ☎048-964-4321

# JAPANESE LANGUAGE CLASSES CALENDAR – ABRIL 2026

| Sun | Mon | Tue | Wed | Thu | Fri | Sat |
|---|---|---|---|---|---|---|
| *May pasok lamang kung nakasulat sa kalendaryo ang pangalan ng grupo o organisasyon. | | | 1 | 2 | 3<br>☆Nihongo de Go!<br>(Coop Plaza Koshigaya) | 4<br>☆Lingual Koshigaya<br>☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu<br>☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai<br>☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku |
| 5 | 6 | 7 | 8<br>☆Nihongo Circle | 9 | 10<br>☆Nihongo de Go!<br>(Coop Plaza Koshigaya) | 11<br>☆Lingual Koshigaya<br>☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu<br>☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai |
| 12 | 13 | 14 | 15<br>☆Nihongo Circle | 16 | 17<br>☆Nihongo de Go!<br>(Coop Plaza Koshigaya) | 18<br>☆Lingual Koshigaya<br>☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu<br>☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai<br>☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku |
| 19 | 20 | 21 | 22<br>☆Nihongo Circle | 23 | 24<br>☆Nihongo de Go!<br>(Minami Koshigaya Community Center) | 25<br>☆Lingual Koshigaya<br>☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu<br>☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai |
| 26 | 27 | 28 | 29<br>Showa Day | 30 | 5/1<br>☆Nihongo de Go!<br>(Coop Plaza Koshigaya) | 5/2<br>☆Lingual Koshigaya<br>☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu<br>☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai<br>☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku |

| GRUPO/ORGANISASYON | KAILAN | SAAN AT PINAKAMALAPIT NA TRAIN STATION |
|---|---|---|
| NIHONGO CIRCLE<br>【¥100 PER LESSON】<br>*Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon) | Miyerkules<br>10:00am～12:00noon | SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1)<br>STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk)<br>IMPORMASYON: ☎048-974-5642 (SHIRATA-SAN) |
| KOSUMO NIHONGO SALON<br>【¥100 PER LESSON】 | Miyerkules<br>7:00pm～8:30pm | SAAN: Community Activity Support Center<br>(ADRES: Koshigaya-shi Yayoico 16-1 Koshigaya Twin City B-City 5F)<br>STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk)<br>IMPORMASYON: ☎090-5347-2041 (KOJIMA-SAN) |
| NIHONGO DE GO!<br>【¥100 PER LESSON】 | Biyernes<br>1:30pm～3:30pm | (1) SAAN: Coop Plaza Koshigaya (ADRES: Minami Koshigaya 5-4-37)<br>(2) SAAN: Minami Koshigaya Community Center – Palette<br>(ADRES: Minami Koshigaya 4-21-1)<br>STATION: Shin Koshigaya Station West Exit (5-6 min. walk)<br>IMPORMASYON: ☎090-5574-7070 (TAKAYAMA-SAN) |
| LINGUAL KOSHIGAYA<br>【LIBRE】 | Sabado<br>10:00am～12:00noon | SAAN: Central Community Center 4F/5F (ADRES: Koshigaya 4-1-1)<br>STATION: Koshigaya Station East Exit (7-min. walk)<br>IMPORMASYON: ☎080-3478-3314 (SUZUKI-SAN) |
| TABUNKA KODOMO GAKUSHU JUKU 【LIBRE】 | Sabado (1st & 3rd)<br>1:30pm～3:30pm | SAAN: Community Activity Support Center<br>(ADRES: Koshigaya-shi Yayoicho 16-1 Koshigaya twin City B-City 5F)<br>STATION: Koshigaya Station East Exit (1-min. walk)<br>IMPORMASYON: ☎090-7422-2002 (OGAWA-SAN) |
| KOSUMO KODOMO KYOSHITSU & KOSUMO NIHONGO SALON SENGENDAI 【LIBRE】 | Sabado<br>1:30pm～3:30pm | SAAN: Resona Youth Base (Saitama Resona Sengendai Branch 3F)<br>(ADRES: Koshigya-shi Sengendai 1-5-17)<br>STATION: Sengendai Station West Exit (3-min. walk)<br>IMPORMASYON: ☎090-8310-9522 (INCHARGE)<br>LINE |